Republika ng pilipinas
Lalawigan ng Quezon
Bayan ng Quezon

# TANGGAPAN NG PUNONG BAYAN

**ATAS TAGAPANGASIWA BLG. 17**
**Serye 2021**

NAG-AATAS SA PAGHIRANG NG "DATA PROTECTION OFFICER (DPO)" SA PAMAHALAANG BAYAN NG QUEZON, LALAWIGAN NG QUEZON

**SAPAGKAT,** itinandhana ng *local Government Code* ang pagkakaroon ng kapangyarihan ng Punong Bayan na mag-isyu ng mga Atas na kinakailangan para sa wastong pagpapatupad ng mga batas at ordinansa, na naglalayon na magkaroon ng epektibong pamahalaan para sa pangkalahatang kapakanan ng mamamayan;

**SAPAGKAT,** *_ang National Privacy Commission_(NPC)* ay nag-isyo ng NPC *Advisory No. 2017-01* na may petsang MArso 14, 2017 hinggil sa pagtatalaga ng *Data Protection Officer* (DPO) alinsunod sa *RA 10173 Data Privacy Act of 2012;*

**NGAYON, SAMAKATUWID,** Ako, **MA. CARIDAD P. CLACIO,** Punong Bayan ng Quezon Lalawigan Quezon, sa bisa ng kapanyarihang ipinagkaloob sa akin ng batas, ay nag-aatas:

**SEKSYON 1. PAGHIRANG SA DATA PROTECTION OFFICER (DPO)** – Dito ay itinalaga si G. JHON ERROL D. SISPEREZ bilang Data Protection Officer (DPO) sa bayan ng Quezon, Lalawigan ng Quezon, at gaganap sa mga sumusunod ng tungkulin:

1. Subaybayan ang pagsunod ng mga *Personal Information Controller (PIC)* o *Personal Information Processor (PIP) sa Data Privacy Act of 2012 at Internal Rules and Regulations (IRR)* nito, gayundin sa iba pang naaangkop na mga batas at patakaran. Para sa layuning ito, maaari siyang:

a. Magkolekta ng mga impormasyon upang matukoy ang mga operasyon sa pagpoproseso, aktibidad, hakbang proyekto,programa, o sistema ng PIC o PIP, at panatilihin ang isang talaan hinggil dito;

b. Suriin ang pagsunod samga aktibidad sa pagroseso, kabilang ang pagpapalabas ng mga Security clearance at pagsunod ng mga *third-party service providers;*

c. Magpayo at magbigay ng mga rekomendasyon sa *PIC* o *PIP,*

d. Tiyakin ang pag-*renew ng acceredītation* o sertipikasyon na kinakailangan upang mapanatili ang kinakailangang pamantayan sa paagpoproseso ng mga datos; at

e. Magpayo sa *PIC* o *PIP* hinggil sa pangangailangan ng pagsasagawa ng isang *Data Sharing Agreement sa mga Thrid parties* at tiyakin ang pasunod sa mga kaukulang batas;

2. Tiyakin ang sasagawa ng *Privacy Impact Assessments* na nauugnay sa mga aktibidad, hakbang, proyekto, programa, o mga sistema ng *PIC* o *PIP;*
3. *Payuhan ang PIC o PIP* patungkol sa mga reklamo at/ o komento ng mga *Data subjects* hinggil sa kanilang mga karapatan tulad ng kahilingan para sa impormasyon, paglilinaw, Pagwawasto o pagtanggal ng personal na datos;


QUEZON MUNICIPAL
DISASTER RISK REDUCTION AND MANAGEMENT
RECEIVED
SIGNATURE:
NAME: Jhon Errol D. Sisperez
DATE: 3/1/2021

DILG
RECEIVED
DATE: 3-1-2021
BY:

4. Tiyakin ang wastong *data breach and security incident management* ng *PIC* o *PI,* kabilang ang paghahanda at pagsumite na NCP ng mga ulat at iba pang dokumentasyon tungkol sa mga insidente ng seguridad o mga paglabag sa *data privacy;* at
5. Magsagawa ng iba pang kaugnay na gawain ayon sa hinihingi ng pagkakataon o sa tagubilin ng ng Punong Bayan.

**SEKSYON 2.** Ang DPO ay maaaring makatangpap ng pasahod o honoraria na tutukuyin ng Sangguniang Bayan at napapailalim sa umiiral na mga patakaran, alituntunin at pamantayan na itinakta ng Komisyon sa Serbisyo Sibil.

**SEKSYON 3. LAANG-GUGULIN.** Ang pundo ay magmumula sa badyet ng Tanggapan ng Punong Bayan at ibibilang sa taunang badyet ng nasabing tanggapan.

**SEKSYON 4.** Ang iba't ibang mga tanggapan ay inaatasan na ilaan ang lahat ng posibleng tulong upang matiyak ang pagsunod sa naaangkop na mga batas at regulasyon para sa para sa proteksyon ng *data privacy and security.*

**SEKSYON 5.** Ang pagkakaroon ng bakante sa paghirang ng ***DPO*** ay awtomatikong mapupuno ng napili o hinirang ng Punong Bayan at gaganap sa kasalukuyang termino. Ang pangalan ng kahalili ay *ipso facto* na kasama sa Seksyon 1 ng Atas Tagapangasiwa na ito

**SEKSYON 6.** Ang lahat ng iba pang mga Atas, mga patakaran, mga regulasyon o mga bahagi nito na hindi naaayon sa Atas Tagapangasiwa na ito ay pinapawalang-bisa o binabago nang naaayon.

**SEKSYON 7.** Ang Atas Tagapangasiwa na ito ay makakabisang kagyat.

**NILAGDAAN** sa Bayan ng Quezon, Lalawigan ng Quezon ngayong ika-3 ng Pebrero 2021.

**MA. CARIDAD P. CLACIO**
Punong Bayan